{Ang sinumang dumalaw sa isang maysakit na hindi pa dumating dito ang taning nito, saka nagsabi sa piling nito ng pitong ulit: "As’alu -llāha -l`aḏīma rabba -l`arshi -l`aḏīmi an yashfiyak. (Hinihiling ko kay Allāh, ang Sukdulan, ang Panginoon ng tronong sukdulan, na pagalingin ka nawa Niya)"}

Ayon kay Ibnu `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: {Ang sinumang dumalaw sa isang maysakit na hindi pa dumating dito ang taning nito, saka nagsabi sa piling nito ng pitong ulit: "As’alu -llāha -l`aḏīma rabba -l`arshi -l`aḏīmi an yashfiyak. (Hinihiling ko kay Allāh, ang Sukdulan, ang Panginoon ng tronong sukdulan, na pagalingin ka nawa Niya)"}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, at Imām Aḥmad]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang Muslim na dumadalaw sa isang Muslim sa pagkakasakit nito na hindi pa dumating dito ang kamatayan nito, dumalangin ang tagadalaw sa maysakit sa pamamagitan ng pagsabi ng: "As’alu -llāha -l`aḏīma (Hinihiling ko kay Allāh, ang Sukdulan)" sa sarili Niya, mga katangian Niya, at mga gawain Niya; "rabba -l`arshi -l`aḏīmi an yashfiyak. (ang Panginoon ng tronong sukdulan, na pagalingin ka nawa Niya)" at umulit niyon dito nang pitong ulit, malibang magpapagaling si Allāh dito mula sa sakit.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6270